

Bakit ako dapat magpasuri para sa Hindi Aktibong Tuberculosis (TB)?

Ang tuberculosis, o sakit na TB, ay lubhang nakakahawa at maaaring maging nakamamatay. Ang mga mikrobyo sa TB ay maaring mabuhay sa iyong katawan sa loob ng maraming taon nang hindi nagdudulot ng mga sintomas. Tinatawag itong hindi aktibong TB o nakatagong impeksyon sa TB. Kung hindi magagamot, ang hindi aktibong TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB anumang oras at magdulot sa iyo ng sakit. Kapag naging aktibo ang TB, maaari itong kumalat sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin. **Sa pamamagitan ng pagpapasuri at pagpapagamot para sa hindi aktibong TB, mapoprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong pamilya at mga kaibigan, at ang iyong komunidad.**

1 Mag-isip May posibilidad bang mahawahan ka ng TB?

Milyun-milyong tao sa Estados Unidos ang may hindi aktibong TB ngunit hindi nila alam ito.

Kahit sino ay maaaring magkaroon ng TB, ngunit mas mataas ang posibilidad na magkaroon ka ng TB kung ikaw ay:



Posibleng nanganganib ka pa ring magkaroon ng TB kahit na nakatanggap ka na ng bakuna laban sa TB (tinatawag ding BCG na bakuna) dahil humihina ang proteksyon nito sa paglipas ng panahon.

2 Magpasuri

Paano ka sinusuri para sa impeksyon sa TB?

Mayroong dalawang uri ng pagsusuri para sa impeksyon sa TB. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung aling pagsusuri ang pinakamainam para sa iyo.



Pagsusuri ng TB sa Dugo

Maaaring irekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang pagsusuri ng TB sa dugo dahil maaari itong gawin sa iisang pagbisita, at mas tumpak ito kung dati ka nang nabakunahan para sa TB. Sinusukat ng pagsusuri sa dugo kung paano tumutugon ang iyong immune system sa mga mikrobyo na nagdudulot ng TB.



Pagsusuri ng TB sa Balat

Para sa pagsusuri sa balat, may gagamiting isang maliit na karayom upang maglagay ng ilang materyal sa pagsubok sa ilalim ng balat. Kakailanganin mong bumalik sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng 2-3 araw upang makita kung may reaksyon.

3 Magpagamot

Ano ang mga opsyon sa paggamot?

Kung mayroon kang hindi aktibong TB, may mga magagamit kang maiikli at maginhawang mga paggamot na makakatulong na maprotektahan ka mula sa pagkakasakit na dulot ng aktibong sakit na TB.

Ang paggamot sa hindi aktibong impeksyon sa TB ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka mula sa pagkakaroon ng aktibong sakit na TB. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga gamot at mapagkukunan sa komunidad na magagamit upang masuportahan ka sa iyong plano sa paggamot.



Maaaring saklawin ng mga pampubliko at pribadong plano sa pangangalagang pangkalusugan ang mga gastos sa pagpapasuri at pagpapagamot para sa impeksyon sa TB.



Upang matuto pa tungkol sa TB at sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba, bisitahin ang www.cdc.gov/thinktesttreattb